

# Ang Pinakamalaking Desisyon ng Iyong Buhay!

Maraming mga desisyon sa buhay ang mahalaga para sa isang bagay. Gayunpaman, isa lamang ang pinakamahalaga. Kung ikaw ay naghahanap ng isang simpleng gabay para sa mas malalim na kaunawaan ng di-pangkaraniwang desisyon na ito - ang libreng kaloob ng Diyos na kaligtasan - magsimula ka rito. Kinuha mula sa aklat na "Out of this World; A Christian's Guide to Growth and Purpose" ni David J. Swandt.

Copyright © 2013 David J. Swandt. All Rights Reserved.

Published under license agreement by Twenty20 Faith, Inc. (USA). Not intended for resale. For more information visit:

www.twenty20faith.org

# "Dapat Ka bang Papasukin ng Diyos sa Langit?"

Sandaling isipin na ang iyong oras dito sa mundo ay dumating na sa hindi inaasahang katapusan. Sa lubhang pagtataka mo, nakita mo ang sarili mong nakatayo sa harapan ng iyong Tagapaglikha. Habang ang iyong pagkalito at pagkagulat ay napapalitan ng pananabik at pagkatuwa dahil sa wakas ay makikita mo na ang pangwalang-hanggang tahanan mo, bigla kang pinahinto sa iyong pagpasok. Tinanong ka ng Diyos ng isang malalim na katanungan, "Bakit kita dapat papasukin ng langit?"

Paano kang sasagot?

Salamat na lang, kapag dumating ang dakila at napakagandang araw na iyon para sa bawat isa sa atin, hindi hihingin ng Diyos na tapusin natin ang isang pagsusulit bago tayo makapasok. Gayunman, ang sitwasyong ito ay nagbibigay ng isang paglalarawang

mahalaga at pumupukaw ng ating kaisipan na naglalayong tulungan tayo upang mas maunawaan ang tungkol sa kaligtasan.

Ang ilan ay maaaring sumagot sa tanong ng Diyos sa pamamagitan ng pagbanggit sa mabubuting bagay na kanilang ginawa. Ang iba naman ay ilalarawan ang kanilang matapat na pagpunta sa simbahan, at ang iba pa ay maaaring ilista ang lahat ng masasamang bagay na kanilang iniwasan sa buhay nila. Bagama't ang mga ito ay mahahalagang bahagi ng buhay ng bawat Cristiano, hindi ito nagbibigay-katiyakan ng kaligtasan. May isang tamang sagot lamang sa katanungang ito:

"Ginawa kong Panginoon ng aking buhay si Jesu-Cristo, at nilinis Niya ako sa lahat ng mga kasalanan ko."

# "Nilikha Ka ng Diyos na Nasa Isipan Niya ang Walang-Hanggan"

Noong tayo ay nilikha ng Diyos, higit pa sa 70 o 80 taon ang plano Niya para sa ating buhay. May tiyak na layunin Siya para sa bawat buhay natin. Ang Kanyang plano ay sumasaklaw sa ating buhay dito sa mundo, at maging sa ating makalangit (o walang-hanggang) buhay. Inilalarawan ng Santiago 4:14 ang pagkakaiba ng dalawang aspetong ito ng ating buhay. Sinasabi nito,

"Ang buhay ninyo'y parang usok lamang, sandaling lumilitaw at agad nawawala." Santiago 4:14

Narinig na ninyo ang kasabihang, "Ang buhay ay napakaikli." Sa pagkaunawa ng kawalang-hanggan, tama nga! Sinasabi ng Biblia na,

"...Itinakda sa mga tao na sila'y minsang mamamatay at pagkatapos ay ang paghuhukom." Mga Hebreo 9:27

Lahat tayo ay sakop ng pisikal na kamatayan. Ngunit ang pisikal na kamatayan ay ang katapusan lamang ng ating pisikal na katawan, hindi ang ating kaluluwa. Ang ating kaluluwa, o ang kamalayang umiiral sa ating kaloob-looban, ay walang hanggan. Gugugulin ng ating kaluluwa ang kawalang-hanggan sa isa sa dalawang lugar pagkatapos ng ating pisikal na kamatayan: sa Langit o sa Impiyerno.

Ang Langit ay isang walang-hanggang paraiso kung saan naroroon ang Diyos.

Ang Impiyerno ay isang ganap na pagkakahiwalay sa Diyos.

Ang ating likas na kapanganakan dito sa mundo ay hindi lang ang simula ng ating panandalian at pisikal na buhay, kundi maging ng ating espirituwal na buhay dito at hanggang sa walang-hanggan. Kaya sa pagkaunawa ng kawalang-hanggan,

maaaring tingnan ng iba na ang ating buhay dito sa mundo ay hindi mahalaga, ngunit ito ay hindi totoo. Ang iyong walang-hanggang tadhana ay naitatalaga ng mga desisyong ginagawa mo habang narito ka sa mundo; at ang pinakamahalaga, ay ang desisyon mo upang gawing Panginoon ng iyong buhay si Jesu-Cristo. Ang kaligtasan ay naririyan para sa ating lahat sa pamamagitan ni Jesu-Cristo, at sa pamamagitan lamang Niya maaari nating baguhin ang ating tadhana mula sa paggugol ng kawalang-hanggan na hiwalay sa Diyos, patungo sa paggugol ng kawalang-hanggan kasama ang Diyos sa Langit. Sinabi ni Jesus:

"Ako ang daan, ang katotohanan, at ang buhay. Walang makakapunta sa Ama kundi sa pamamagitan ko." Juan 14:6

Ang mga desisyong ginagawa natin sa buhay natin dito sa mundo ay mahalaga dahil na rin sa iba pang kadahilanan. Ang paraan kung paano tayo nabubuhay bilang mga mananampalataya ay maaaring magkaroon ng epekto sa pangkawalang-hanggang tadhana ng ibang taong hindi pa nakikilala si Jesu-Cristo bilang kanilang Tagapagligtas. Araw-araw, ang mga taong

nakapaligid ay nagmamatyag sa ating halimbawa ng pamumuhay para kay Cristo. Bilang mga Cristiano, ginagamit ng Diyos ang bawat isa sa atin upang dalhin ang langit sa mga taong nakapaligid sa atin na hindi pa Siya nakikilala. Sinabi ni Jesus:

“Kayo ang ilaw ng sanlibutan...dapat ninyong paliwanagin ang inyong ilaw sa harap ng mga tao upang makita nila ang inyong mabubuting gawa at papurihan ang inyong Ama na nasa langit.” Mateo 5:14-16

# "Kailangan Nating Lahat ng Tagapagligtas"

Noong nilikha ng Diyos sina Adan at Eba, ginawa Niya ang mga ito nang walang kasalanan at nasa isang perpektong pakikipag-ugnayan sa Kanya. Noong sinuway nila ang utos ng Diyos sa ikatlong kabanata ng Genesis, naghatid ito ng kasalanan sa kanilang buhay, at sa buhay ng buong sangkatauhan. Inilalarawan ng Mga Taga-Roma 3:23 ang malawakang epekto ng desisyon nina Adan at Eba.

"...sapagkat ang lahat ay nagkasala, at walang sinumang nakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos." Mga Taga-Roma 3:23

Walang hindi saklaw ng kasalanan at ng epekto nito; ang lahat sa atin ay nagkasala. Dahil dito, lahat tayo ay nahiwalay sa Diyos. Ang ating kasalanan ay nagdulot din ng walang-hanggang bunga.

"Sapagkat kamatayan ang kabayaran ng kasalanan." Mga Taga-Roma 6:23a

Dahil sa desisyon nina Adan at Ebang suwayin ang Diyos, hindi nila kayang takasan ang kamatayan at maging lahat ng kanilang salinlahi (ang sangkatauhan); maging pisikal o espirituwal man. Pagkatapos ng kanilang pagbagsak, ang Diyos ay naharap sa isang desisyon: hayaan ang kasalanang tapusin ang landasin nito sa mga tao, na hahantong sa pagkalipol ng sangkatauhan, o magtakda ng kaparaanan na makapagliligtas sa tao mula sa pagkakahawak ng kasalanan sa kanila. Salamat na lang, bilang sukdulang pagpapahayag ng Kanyang pag-ibig at biyaya, nagtakda ang Diyos ng paraan ng kaligtasan sa pamamagitan ng Kanyang Anak.

"Sapagkat gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sangkatauhan, kaya't ibinigay niya ang kanyang kaisa-isang Anak, upang ang sinumang sumampalataya sa kanya ay hindi mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan." Juan 3:16

"...ang libreng kaloob ng Diyos ay buhay na walang hanggan, sa pamamagitan ni Cristo Jesus na ating Panginoon."

Kapag nakahiwalay kay Jesu-Cristo, ang sangkatauhan ay nakatadhana sa pisikal at espirituwal na kamatayan; walang hindi makakasama rito. Ngunit para sa ating na kay Cristo, bagama't nariyan pa rin ang pisikal na kamatayan, ngunit ang espirituwal na kamatayan (ang Impiyerno) ay wala na. Sa halip, ang walang-hanggang buhay sa Langit ang naghihintay sa atin pagkatapos nating lisanin ang mundong ito. Sa pamamagitan ng ganap na sakripisyo ni Jesu-Cristo at sa Kanyang muling pagkabuhay, atin nang natakasan ang espirituwal na kaparusahan ng kasalanan!

# "Kaligtasan: Ang Bahagi ng Diyos at ang Bahagi Mo"

Nagdadala ng dalawang mahahalagang desisyon ang iyong kaligtasan. Ang unang desisyon ay matagal na panahon nang ginawa ng Diyos na ipadadala Niya ang Kanyang Anak dito sa mundo upang maging nag-iisang Tagapagligtas natin. Ang pangalawa ay ang iyong desisyong tanggapin ang Kanyang Anak bilang IYONG Tagapagligtas.

"Sapagkat dahil sa kagandahang-loob ng Diyos kayo ay naligtas sa pamamagitan ng pananampalataya; at ang kaligtasang ito'y kaloob ng Diyos at hindi sa pamamagitan ng inyong sarili; hindi ito bunga ng inyong mga gawa kaya't walang dapat ipagmalaki ang sinuman." Mga Taga-Efeso 2:8-9

Ang BIYAYA ay sinasabing ang hindi tampat at hindi pinaghirapang pabor. Ang biyaya ang bahagi ng Diyos sa kaligtasan at ibinibigay Niya ang Kanyang pabor sa sangkatauhan sa pamamagitan ng ganap

na kaloob, Si Jesu-Cristo. Sa pamamagitan ng krus, ibinigay ni Jesus ang buong kabayaran para sa kaparusahan ng ating mga kasalanan. At sa pamamagitan ni Jesus, ang biyaya ng Diyos na nagkatawang-tao, hindi mabubuting gawa ang makatutumbas dito, o maaari nating maging kabayaran. Hindi natin kayang pagtrabahuhan ang ating kaligtasan; ito ay isang libreng kaloob para sa lahat, na walang hinihinging kabayaran mula sa atin.

Ang PANANAMPALATAYA ay ipinakakahulugan bilang katibayan ng isang bagay na umiiral kahit na ito ay hindi nakikita o nahahawakan. Ang pananampalataya ay kailangan para sa ating bahagi sa kaligtasan, at sa pamamagitan ng pananampalataya, bilang isang pagpapakita ng ating kalooban, pinipili nating isuko ang ating mga buhay sa Diyos sa pamamagitan ng pagtanggap natin kay Jesus bilang Panginoon ng ating buhay. Dahil natanggap natin sa pamamagitan ng pananampalataya ang biyaya ng Diyos sa pamamagitan ni Jesu-Cristo, tayo ay walang duda at walang pag-aalinlangang nakatadhanang kasama ng Diyos sa langit magpawalang-hanggan.

100 porsiyentong sigurado ka sa katotohanang iyan!

Bagama't ang mabubuting gawa ay hindi makapagbibigay sa iyo ng kaligtasan, may ginagampanan pa rin itong mahalagang papel sa ating buhay Cristiano pagkatapos nating tanggapin si Jesus.

"Sapagkat tayo'y nilalang ng Diyos; nilikha sa pamamagitan ni Cristo Jesus upang iukol natin ang ating buhay sa paggawa ng mabuti. Iyan ang layuning pinili ng Diyos para sa atin noong una pa man." Mga Taga-Efeso 2:10

Ang Diyos ay may natatanging layunin para sa bawat isa sa atin, at ang mga detalye nito ay nasa sa inyong dalawa lamang. Ngunit ang Diyos ay may iisang layunin para sa lahat ng Kanyang mga anak, at iyon ay ang pakilusin natin ang ating pananampalataya sa pamamagitan ng mabubuting gawa. Kapag ginawa natin ito, tinutupad natin ang isang mahalagang bahagi ng plano ng Diyos sa ating buhay, at may karangalan tayong papagliwanagin ang Kanyang pag-ibig sa ibang tao. Ang kaligtasan ay bagong panimula at isang

katapusan din at ito ay dapat nating ipagdiwang. Ikaw ay isang bagong nilalang, at habambuhay na binago na!

# "Bautismo sa Tubig: Isang Pampublikong Kapahayagan ng isang Nabagong Buhay"

Ang bautismo sa tubig ay isang mahalagang paraan upang ipahayag sa publiko ang tungkol sa iyong kaligtasan. Ipinagdiriwang ng bautismo sa tubig ang katapusan ng lumang pamamaraan ng buhay at ang pagsisimula ng isang bagong buhay. Itinuro ni Jesus ang kahalagahan ng bautismo sa tubig sa Kanyang mga alagad bago Siya umakyat sa langit pagkatapos ng Kanyang muling pagkabuhay. Sinabi Niya,

"Kaya't habang kayo'y humahayo, gawin ninyong alagad ko ang mga tao sa lahat ng bansa. Bautismuhan ninyo sila sa pangalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo." Mateo 28:19

Sa kabuuan ng Bagong Tipan, hindi na mabibilang ang kuwento ng mga mananampalatayang nagpabautismo. Ang

bautismo sa tubig ay may mahalagang pagsasagisag sa taong nagpapabautismo, at pati na rin sa mga nanonood sa kanya. Ang bautismo sa tubig ay hayagang inilalarawan: ang katapusan ng iyong dating buhay sa pamamagitan ng paglulubog sa tubig; ang paninimula ng iyong bagong buhay kay Cristo sa pag-ahon mo mula sa tubig kung saan ikaw ay nilinis, ginawang dalisay at isang bagong nilalang ng Diyos.

Inilalarawan ng Lucas 3:3 ang bautismo sa tubig bilang "bautismo ng pagsisisi," at binibigyang-diin nito ang kahalagahan ng pampublikong pagpapahayag ng pagtalikod natin mula sa ating lumang buhay at sa kasalanan. Bagama't hindi tayo naililigtas ni natatakpan ang ating kasalanan ng bautismo sa tubig, sinasagisag nito ang isang mahalagang papel sa ating buhay Cristiano - isang pagpapahayag na tayo ay bagong nilalang na, isang buhay na binago na! Kung may tao mang hindi kinailangang gumawa ng ganitong pagpapahayag, ito ay si Jesus, na namuhay ng isang buhay na walang pagkakasala dito sa mundo. Ngunit sinasabi sa Lucas 3:21 na,

"Nang mabautismuhan na ni Juan ang mga tao, binautismuhan din niya si Jesus." Lucas 3:21

Si Jesus ay binautismuhan upang sumunod tayo sa Kanyang halimbawa. Ang kahalagahan ng bautismo sa tubig ay hindi matatawaran. Kung hindi ka pa nabautismuhan sa tubig, kinakailangang gawin mong prayoridad ang pagpapabautismo sa tubig. Tinuturuan tayo ng Biblia na gawing isang pampublikong pagpapahayag ang ating kaligtasan, at karamihan sa mga simbahang naniniwala sa Biblia ay nagbibigay ng maraming pagkakataon upang tayo ay mabautismuhan sa tubig. Ang pagsunod sa halimbawa ni Jesus ay laging isang magandang panukala na walang pagkatalo. Pagpapalain ka ng Diyos at gagantimpalaan ka sa iyong katapatan at pagsunod sa Kanya!

# "Isang Pangwakas na Konsiderasyon"

Kung hindi mo pa tinanggap sa buhay mo si Jesus, o ginawa mo na ito minsan sa buhay mo, ngunit hindi ka na nabubuhay para sa Kanya, maaari kang gumawa ng bagong pangako sa Kanya NGAYON sa pamamagitan ng isang simpleng panalangin mula sa iyong mataimtim na puso. Ang panalanging iyon ay maaaring katulad nito,

"Jesus, alam kong ako ay makasalanan, at tanging Ikaw lamang ang makapagpapalaya sa akin mula sa kaparusahan ng kasalanan. Hinihingi ko sa Iyong pumasok Ka sa buhay ko at linisin ako sa lahat ng aking kasalanan. Tulungan mo akong mabuhay para sa Iyo sa lahat ng bahagi ng aking buhay, sa bawat araw ng buhay ko. Salamat sa pagpasok Mo sa buhay ko at sa pagpapalaya sa akin!"

Kung ginawa mo ang panalanging ito nang mataimtim, sa paniniwalang gagawin ni

Jesus ang sinabi Niyang gagawin Niya, natanggap mo ang kaligtasan, at nabago na ang iyong walang-hanggang tadhana upang makasama Siya magpakailanman!

## NAPAGPASYAHAN KONG SUMUNOD KAY JESUS!